


10

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 1

Pagkamamamayan: Konsepto at Katuturan



**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan- Module 1: Pagkamamamayan: Konsepto at Katuturan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maribel R. De La Cruz
Editor: Edgar L. Pescador
Monabelle S. Ablog
Tagasuri: Gina A. Amoyen
Editha T. Giron
Tagaguhit: Ariel P. Peralta
Tagalapat: Vivian T. Del Castillo, Meynard Jerel T. Luczon, Elizalde L. Piol
Tagapamahala: Tolentino G. Aquino
Arlene A. Niro Edgar L. Pescador
Gina A. Amoyen Monabelle S. Ablog
Editha T. Giron Elsie C. Amorin

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan- Modyul 1:

Pagkamamamayan:

Konsepto at Katuturan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (AP10Q4MELC1):


*Naipaliliwanag ang kahalagahan ng aktibong pagkamamamayan.

Upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral, kailangan mong sundin ang sumusunod:

1. *Unahing Gawin ang Balikan.*
2. *Sagutan lahat ng Pagsasanay.*
3. *Sagutan ang Tayahin.*
4. *Gawin lahat ng Gawain.*



Nais mo bang lumalim pa ang iyong kaalaman tungkol sa konsepto ng pagkamamamayan? Halina't sabay nating alamin kung ano nga ba ang pagkamamamayan, mga katangian ng isang aktibong mamamayang nakilalahok sa mga gawaing pansibiko nang sa ganun ay lalo mong maunawaan ang kahalagahan ng pagiging aktibong mamamayan.



Subukin

Panuto: Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pahayag ay makatotohanan at **MALI** kung ito ay hindi makatotohanan. Gumamit ng sagutang papel.

- ___ 1. Itinatakda ng Artikulo IV Seksyon 3 ng Saligang Batas na ang pagkamamamayan ay maaaring mawala ngunit ito ay maaari ring maibalik.
- ___ 2. Ang pagkamamamayan ay naaayon sa prinsipyong **jus sanguinis** kung ang pagbabatayan ay ang lugar ng kapanganakan ng isang indibiduwal.
- ___ 3. Ang mga dayuhang nagnanais na maging mamamayang Pilipino ay sumasailalim sa proseso ng naturalisasyon upang makamit ito.
- ___ 4. Ang isang sundalong Pilipino na nagtaksil sa kanyang bayan ay natatanggalan ng pagkamamamayan at hindi na ito maibabalik pa.

- ___ 5. Ang pagiging aktibo sa pakikilahok sa mga gawaing pansibiko ay isang paraan upang magampanan nang mahusay ang iyong mga tungkulin bilang mamamayang Pilipino.
- ___ 6. May mga kwalipikasyong dapat sundin bago igawad sa isang dayuhan ang pagkamamamayang Pilipino.
- ___ 7. Ipinapakita ng gawaing pansibiko ang pinakamataas na lebel ng pakikipagkapwa tao.
- ___ 8. Ang pagkamamamayan ng isang indibiduwal ay nakabatay sa pagtugon niya sa kanyang mga tungkulin sa lipunan at sa paggamit niya ng kanyang mga karapatan para sa kagalingang panlahat.
- ___ 9. Ang simpleng pagsunod sa mga naipatutupad na batas ay palatandaan na tayo ay isang mabuting mamamayan.
- ___ 10. Ayon sa lumawak na pananaw ng pagkamamamayan, ang mamamayan ay isa lamang tagamasid sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan.
- ___ 11. Kahit na nakapag-asawa ng isang dayuhan ang isang Pilipino, siya ay ituturing pa rin na isang mamamayang Pilipino hanggat hindi niya itinatakwil ang kanyang pagka-Pilipino.
- ___ 12. Ang dalawahang katapatan ng isang mamamayan ay hindi salungat sa kapakanang pambansa at hindi nalalapatan ng kaukulang parusa.
- ___ 13. Isang paraan ng pagpapakita ng pagiging mabuting Pilipino ay ang tapat na pagbabayad ng buwis.
- ___ 14. Ang pagkakatatag ng mga pansibikong organisasyon katulad ng NAMFREL na ay palatandaan na ang mga mamamayan ay hindi na lang nagmamasid kundi gumagawa ng aksyon para magampanan nito ang kanyang tungkulin sa pagpapabuti at pagpapaunlad ng bansang kinabibilangan.
- ___ 15. Ang prinsipyo ng pagkamamamayan na **jus soli** ay nakabatay sa lugar ng kapanganakan ng indibiduwal.

Aralin

1

Pagkamamamayan: Konsepto at Katuturan



Binabati kita at matagumpay mong napag-aralan ang mga mahahalagang kaalaman at kasanayan tungkol sa mga epekto ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing pansibiko. Ngayon, matutunghayan mo sa araling ito ang mga konseptong may kinalaman sa papel ng isang mamamayan sa pagkakaroon ng mabuting pamahalaan.

Ang **Pagkamamamayan** o **Citizenship** ay nangangahulugan

ng pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa, ayon sa itinatakda ng batas. Hindi lahat ng naninirahan sa bansa ay mamamayan nito dahil may mga dayuhang nakatira na hindi kasapi rito. Tulad halimbawa ng mga mamamayan na naninirahan sa ating bansa na ang layunin lamang ay mag-aral, mamasyal, at magnegosyo ay hindi maituturing na mamamayan ng Pilipinas dahil sila ay mamamayan ng ibang bansa.




Balikan


Sa nakaraang modyul napag-usapan at napag-aralan ang tungkol sa mga epekto ng aktibong pakikilahok ng mamamayan sa mga gawaing pansibiko. Nakapagtala tayo ng mga pangkalahatang obserbasyon tungkol sa usaping ito na mababasa sa sumusunod na ideya.

- Konsepto ng gender at sex
- Gender Roles sa Iba't Ibang Panahon
- Kasaysayan ng LGBTQIA+
- Gender Roles sa Iba't Ibang Lipunan sa Mundo
- Diskriminasyon sa mga Lalaki, Babae, at LGBTQIA+
- Karahasan sa mga Lalaki, Babae, at LGBTQIA+
- Tugon ng pandaigdigang Organisasyon sa Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon

Makikita sa diyagram ang mga uri ng karahasan at pang-aabuso sa lipunan.




Ngayong natutuhan mo na ang isa sa mga kontemporaryong isyu na hinaharap ng lipunan sa kasalukuyan, maaaring handa ka na ring mapag-aralan ang isa pang konsepto na nangangailangan ng matinding pag-unawa upang magampanan mo at maisakatuparan ang iyong mga tungkulin at mapag-alaman mo ang iyong mga pananagutan bilang isang mahalagang elemento ng estado, bilang mamamayan. Halina't iyong pag-aralan ang konsepto ng pagkamamamayan.



Tuklasin

Panuto: VOCABULARY MAP: Gamit ang “vocabulary map” sa ibaba, isulat ang mga salitang may kaugnayan sa konseptong **PAGKAMAMAMAYAN**. Pagkatapos ay bumuo ng sariling pagpapakahulugan ng pagkamamamayan batay sa mga salitang naibigay.



PAGKAMAMAMAYAN -



Suriin

Sa bahaging ito mapalalawak ang iyong pag-unawa at kaalaman sa paksa sa pamamagitan ng pagbasa ng mga teksto tungkol sa konsepto at katuturan ng pagkamamamayan. Sa pamamagitan din nito matutuhan mo ang mga kahulugan ng pagkamamamayan at ang mga katangian na dapat taglayin ng isang aktibong mamamayang nakilalahok sa gawaing pansibiko. Pagkatapos mong mapag-aralan ang paksang ito, inaasahang higit mong mapahalagahan ang pagiging aktibong mamamayan.

PAGKAMAMAMAYAN: KONSEPTO AT KATUTURAN

Ayon kay Murray Clark Havens (1981), ang **pagkamamamayan o citizenship** ay ugnayan ng isang indibiduwal sa isang estado. Ito ay tumutukoy sa pagiging miyembro ng isang indibiduwal sa isang estado at kabilang siya bilang isang *citizen*, siya ay gumagawa ng karapatan at tungkulin. Sa Pilipinas, ang pagkamamamayan ay may mga batayan at ito ay nakapaloob sa Saligang Batas ng Pilipinas. Dito rin nakapaloob ang mga tungkulin at karapatan ng bawat mamamayang Pilipino.

ANG MAMAMAYANG PILIPINO

Sa **Artikulo IV, Seksyon 1- 5** ng 1987 Konstitusyon, nakasaad ang mga itinatakda ng batas hinggil sa kung sino ang itinuturing na mamamayang Pilipino.

SEKSYON 1. Ang sumusunod ay ang mamamayan ng Pilipinas:

- (1) Ang mamamayan ng Pilipinas sa panahon ng pagpapatibay ng Saligang Batas na ito;
- (2) Ang mga ama o ina ay mamamayan ng Pilipinas;
- (3) Ang mga isinilang bago sumapit ang Enero 17, 1973 na ang ina ay Pilipino, na pumili ng pagkamamamayang Pilipino pagsapit ng karampatang gulang; at
- (4) Ang naging mamamayan ayon sa batas.

SEKSYON 2. Ang katutubong inanak na mamamayan ay ang mamamayan ng Pilipinas mula pa sa pagkasilang na wala nang kinakailangang gampanan ano mang hakbangin upang matamo o malubos ang kanilang pagkamamayang Pilipino.

SEKSYON 3. Ang pagkamamamayang Pilipino ay maaaring mawala o muling matamo sa paraang itinatadhana ng batas.

SEKSYON 4. Mananatiling angkin ang pagkamamamayan ng mga mamamayan ng Pilipinas na mag-asawa ng mga dayuhan, matangi kung sa kanilang kagagawan o pagkukulang, sila ay ituturing sa ilalim ng batas na nagtakwil ito.

SEKSYON 5. Ang dalawahang katapatan ng pagkamamamayan ay salungat sa pakakanang pambansa at dapat lapatan nang kaukulang batas.

MGA PRINSIPYO NG PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO

May dalawang prinsipyo ng pagkamamamayan na sinusunod sa Pilipinas. Ito ay ang:

1. **Jus Sanguinis** – ay naaayon sa dugo o pagkamamamayan ng mga magulang o isa man sa kanila. Ito ang prinsipyo na sinusunod sa Pilipinas. Halimbawa, kung ang isang dayuhang Indian ay nanganak sa Pilipinas, ang pagkamamamayan ng kanyang anak ay Indian din katulad ng kanyang magulang kahit sa Pilipinas ito naipanganak.

2. **Jus Soli** – ang prinsipyo na naaayon sa lugar ng kanyang kapanganakan anuman ang pagkamamamayan ng mga magulang. Ito ang prinsipyo na sinusunod sa bansang Amerika. Halimbawa, ang isang Pilipino na ipinanganak sa Amerika ay magiging *American Citizen* ito kahit Pilipino ang kanyang mga magulang dahil sa bansang Amerika siya ipinanganak.

Alinsunod Seksyon 3 ng Saligang Batas, ang pagkamamamayan ng isang indibiduwal ay maaaring mawala ngunit ito ay maaaring maibalik. Ang sumusunod ay maaaring maging mga balidong sanhi ng pagkawala ng pagkamamamayan ng isang Pilipino: (1) sa pamamagitan ng naturalisasyon sa ibang bansa, (2) *expatriation* o kusang pagtalikod sa pagkamamamayan, (3) panunumpa ng katapatan ng Saligang Batas ng mga banyaga pagsapit ng 10-20 taon, (4) paglilingkod sa hukbong sandatahan ng ibang bansa, at (5) pag-aasawa ng dayuhan at pagsunod sa pagkamamamayan nito.

PAANO MAIBABALIK ANG PAGKA-PILIPINO?

Ang nawalang pagkamamamayan ay maaaring maibalik sa pamamagitan ng sumusunod na paraan:

- (1) Naturalisasyon** – ay paraan ng pagtanggap ng bansa sa isang dayuhan at pagkakaloob sa kanya ng karapatang tinatanggap ng mga mamamayan. Maaari itong makamit sa pamamagitan ng hatol ng hukuman o batas ng Kongreso. Ang mga mamamayan na sumailalim sa bisa ng naturalisasyon ay tinatawag na naturalisado.
- (2) Repatriation** – ang tawag sa kusang pagbabalik ng isang tao sa kanyang pinanggalingang bansa pagkatapos na mabawi ang kanilang pagkamamamayan.
- (3) Aksyon ng Kongreso** – pagtugon ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ukol sa aplikasyon para maging isang mamamayang Pilipino.
- (4) Pagpapatawad ng gobyerno sa isang tumakas sa Sandatahang Lakas ng bansa** – ang paraang ito ay kadalasang para sa mga sundalo na nagsilbi sa pamahalaan ngunit tumakas habang sila’y nasa tungkulin lalo na sa panahon ng digmaan kaya nabawi ang pagkamamamayang Pilipino mula sa kanila.

KAHALAGAHAN NG PAKIKILAHOK NG MGA MAMAMAYAN SA GAWAING PANSIBIKO AT GAWAING POLITIKAL

Ang sibika ay tumutukoy sa pagiging mabuting mamamayan ng bansa. Bawat mabuting mamamayan ay nararapat na makibahagi sa mga iba’t ibang gawaing pansibika at gampanan ang kanyang mga responsibilidad upang matamo ng bansa ang minimithing pag-unlad.

Ang pag-unlad na hinahangad ng isang estado na matamo ay nakakamit nito kung ito’y pinahihintulutan ng pinakamahalaga nitong elemento - ang mamamayan. Lahat ng mga bansa sa kasalukuyan ay apektado sa iba’t ibang suliraning may kaugnayan sa aspektong pang-ekonomiya, politikal, at sosyal. Kung paano hinaharap ng mga tao ang mga hamon na ito ay nagsasabi kung paano ang kanilang pakikisalamuha at pakikipagrelasyon sa kapwa ay nakatutulong para maproteksyunan ang karapatan, dignidad, at potensyal nito bilang tao.

Tunay na ang pagpupunyagi ng tao na makamit ang pag-unlad ay nakabatay sa pagprotekta at pagsulong ng karapatang pantao. Samakatuwid, ang isang maunlad na komunidad ay mananatili dahil sa maayos at matiwasay na pamayanan, maunlad na industriya at pangkabuhayan, at higit sa lahat, ang pagkakaroon ng mga edukado at maabilidad na mga mamamayan. Ngunit ang pag-unlad na ito ay nakadepende pa rin sa patuloy na magkatuwang na pagkilos ng mga mamamayan at pamahalaan.

Madalas nating naririnig ang mga katagang *“Hindi dapat tanungin ng isang mamamayan ang magagawa ng kanyang bansa para sa kanya, bagkus ay tanungin nito sa sarili kung ano ang kanyang magagawa para kanyang bansa”*. Ang katagang ito ay tunay na totoo sapagkat ang pag-unlad ng bansa ay nakasalalay sa kasanayan,

katalinuhan, at paggawa na ipinapamalas ng mga mamamayan. May responsibilidad at obligasyon ang bawat tao sa komunidad. Ito ay maaaring tawagin na gawaing pansibiko o *civic engagement*. Hindi rin maikakaila na mayroong tungkulin ang mga tao sa estado bilang mamamayan nito, kung kaya't ang mga mamamayan ay may tungkulin sa kapwa, sa komunidad, at sa kanyang estado.

Ang mga bansang demokratikong republikano tulad ng Pilipinas ay inaasahang mabigyan ng kaganapan ang pagsasabuhay ng mga prinsipyo at mga gawaing nagsusulong ng demokrasya. Nararapat na ang mga tao ay magkaroon ng mataas na antas ng interes sa mga pangyayaring politikal at mga isyung panlipunan. Sa pagkakataong ito, nalilintang ang kanilang kakayahan sa tamang pagdedesisyon tulad ng pagpili ng mga pinuno ng pamahalaan tuwing panahon ng halalan. Naipapakita rito na ang kapangyarihan na pumili ng pinuno ay nasa kamay ng mga mamamayan. Ang estado ay pagmamay-ari ng mga tao. At ang mga tao ang kumakatawan sa estado kaya nararapat lamang na sila ang magsilbing tagabantay sa mga namamahala ng pamahalaan dahil ang pagkakataong mamahala ay nagmumula sa kanila. Samakatuwid, ang mga nahalal na politiko na kumakatawan sa mga tao ay inaasahang magsilbi para sa kapakanan at kagalingang panlahat. Kung sakali man na ang mandatong ito ay malabag, ang mga tao ay may karapatan na sila'y patalsikin at isulong ang mga pagbabago na kanilang hinahangad tungo sa kaunlaran. Nagagawa ng mga tao ang kanilang tungkulin sa bayan kung sila ay napabilang o aktibong nakibabahagi sa mga usaping may kinalaman sa ekonomiya at politika. Ang dalawang bagay na ito ay hindi maitatangging mayroong malaking impluwensiya sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat tao.

Ang bansang demokratiko tulad ng Pilipinas ay nagsusulong ng layunin na makapagsagawa ng isang malaya, malinis, at patas na eleksiyon. Pero tulad ng napapansin sa mga nakalipas na panahon, ang sistema ng eleksiyon sa bansa ay kontrolado ng iilang makapangyarihang tao na kadalasang nanggaling sa iisang partido o pamilya at ang kanilang mga tagasuporta. Ang boses ng mga mamamayan na dapat sanang pinapakinggan ay naipagwawalang bahala o naikokompromiso dahil sa kultura ng pagdomina ng mga elitista.

Natutuhan natin sa kasaysayan ng ating bansa na nakipaglaban ang mga Pilipino para matamo ang mga pagbabago o reporma na hinahangad para sa bansa. Ito ay naganap sa panahon pa ng pananakop ng mga dayuhan hanggang sa naitatag ang Republika. Ilang beses din pinatunayan ng mga Pilipino ang pagkakaroon ng pagkakaisa sa mga naganap na rebulasyon gaya sa EDSA noong 1986 kung saan napatalsik sa puwesto ang mga pinunong may mga isyu ng katiwalian at paglabag sa karapatang pantao habang sila'y nanunungkulan. Ang mga kaganapang ito ay nagpapakita na ang mga Pilipino ay hindi lamang nagmamasid at nanahimik sa kanilang nasasaksihan na katiwalian sa pamahalaan. Bagkus, sila ay handang lumabas sa kani-kanilang tahanan patungo sa mga kalye, magprotesta, ipinaparating ang kanilang mga hinaing sa pamahalaan, at ipinaglalaban ang kanilang karapatan. Patunay ito na ang mga mamamayang Pilipino ay mulat at palaging naghahangad ng mabuting pamahalaan at maunlad na lipunan. Sila'y aktibong nakilalahok upang maiparating sa pamahalaan ang nais nilang imungkahi para sa pagbabago ng lipunan.

Nagaganap ang pakikilahok pansibiko sa tuwing ang mga mamamayan ay nakikibahagi maging ito man ay tuwiran o di-tuwiran sa mga pampublikong usapin. May iba't ibang anyo ng mga gawaing pansibiko na maaaring lahukan ng isang mamamayan. Isa na rito ang pakikilahok sa panahon ng halalan kung saan ang mga tao ay malayang pumipili ng mga nagiging kinatawan o mamumuno sa bansa. Pero hindi sapat na ang isang mamamayan ay nakikibahagi sa eleksyon. Tungkulin din niyang kilalanin at kilatisin nang mabuti ang mga kandidato na kanyang iboboto kung ang mga ito ba ay nararapat na maluklok sa pwesto o hindi. Hindi dapat sapat na basehan ang pagiging kakilala o sikat nito upang ito'y ihalal dahil ang pamumuno ay hindi nasusukat sa kanyang kasikatan kundi sa kanyang kakayahan na mamahala at mamuno. Ang karapatan na makilahok sa halalan ang nagbibigay sa bawat tao ng karapatan at pagkakataon na panagutin ang sinumang nahalal sa posisyon sa anumang katiwaliang nagawa nito lalo na kung ito'y nakaaapekto sa kapakanang panlahat. Hindi maikakaila na sa kasalukuyan ay maraming bansa sa mundo ang humaharap sa suliraning may kaugnayan sa katiwalian. Hindi magiging posible ang isang mabuting pamamahala kung walang katapatan sa panig ng pamahalaan at mamamayang mulat sa mga gawain ng pamahalaan. Kaya naman mahalaga ang mga mamamayan na magsagawa ng aktibong pakikilahok politikal katulad ng pagboto at pagsali sa *civil society* para magkaroon ng kapanagutan ang mga namamahala sa kanilang tungkulin nang sa gayon ay mabawasan ang katiwalian kung hindi man tuluyang mawala ito. Ang pakikilahok na politikal katulad ng eleksyon ay ginagamit din ng iba't ibang organisasyon para bigyang-diin ang isyung kinakaharap ng mga tao gayundin ang mga programa at polisiya na epektibong naipatatupad sa bansa.

Ang maayos na pagtanggap sa resulta ng halalan ay nakakatulong sa ating lipunan upang magkaroon ng maayos na transisyon ng pamumuno. Kung naidaos na nang payapa ang eleksyon, dapat tanggapin ng mga tao ang naging resulta nito kahit sino pa ang nanalo - kapanalig man o hindi para maiwasan at maayos na ang mga hidwaan na nabuo dahil sa naganap na halalan at makapagsimula na ang lahat na magtrabaho para sa pagsulong ng bansa.

Para maisakatuparan ng isang pinuno ang kanyang mga plataporma, tungkulin ng mga mamamayan na ipagkaloob ang kanilang pagsuporta rito. Kadalasan ang nagiging dahilan kung bakit maraming mga magagandang plano para sa pag-unlad ang hindi naisasakatuparan dahil sa hindi magawa ng mga tao na suportahan ang pinuno o may mga ilang grupo na gumagawa ng hakbang para mahadlangan ito dahil lamang sa mga pansariling interes. Dahil dito, hindi nagiging epektibo ang pamamahala ng isang lider na nagdudulot ng mahina at hindi sapat na serbisyo sa mga tao. Kaya naman sa mga demokratikong bansa tulad ng Pilipinas, ang balanse at maayos o mabuting relasyon sa pagitan ng mga tao at pamahalaan ay susi sa pagsulong at pag-unlad ng bansa. Nangangahulugan na ang bawat isa ay kumikilos at tinutupad ang kanyang tungkulin upang masigurado na tinatahak nito ang tamang landas ng pagpapaunlad sa bansa, kung saan ang pamahalaan ay nagsisilbi at nagpupursigi sa pagsulong ng mga proyekto at programang pangkaunlaran habang ang mga tao ay ginagampanan ang mga papel na inaasahan sa kanila tulad ng pagsunod sa mga batas, pagbabayad ng buwis nang tapat, at pagpapakita ng respeto sa mga pambansang sagisag at iba pa.

Ang aktibong pakikilahok ay hindi nangangahulugan na dapat na palaging magkaroon ng kilos-protesta sa araw araw. Maraming paraan para maipakita ang aktibong pakikilahok kahit walang kilos-protesta na nagaganap. Ilang halimbawa ay ang harapang pakikipag-usap o dyalogo sa mga halal na opisyal ng pamahalaan sa mga isyung panlipunan kung saan maaaring makapagbigay ng mga suhestiyon o rekomendasyon para mas higit na mapabubuti at maisulong ang kagalingang panlahat, pagbibigay ng taos-pusong pagsuporta sa iba't ibang proyekto at programa ng pamahalaan at pagsuporta sa mga tao o organisasyon na nagsasagawa ng mga pansibikong gawain.

Dito sa ating bansa, may mga organisasyon o samahang pansibiko na nabuo na hindi lamang tumutulong para maidaos nang maayos at mapayapa ang halalan kundi para proteksyunan at isulong ang demokratikong proseso ng eleksyon. Narito ang ilang halimbawa ng mga organisasyong nabanggit:

1. **National Citizens' Movement for Free Elections (NAMFREL)** – tagabantay sa panahon ng halalan na naorganisa noong 1983. Ito ang kauna-unahang organisasyon na sumubaybay sa eleksyon na kinilala ng Commission on Elections (COMELEC) para magsagawa ng *quickcount* noong 1984 at mayroon na itong libu-libong miyembro na nagbubuluntaryo mula sa iba't ibang sektor.
2. **Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV)** – nabuo noong 1991 sa pamumuno ng mga pari sa pangunguna ni Archbishop Jaime Cardinal Sin bilang tugon sa tawag ng pagtulong ng simbahan sa panahon ng eleksyon.

(Halimbawa ng mga Samahang Sibiko, Taguiwalo, Judy M. Ph.D. 2015. Philippine Contemporary Issues. IBON Foundation Inc, pp 228-229)

Isa ring anyo ng gawaing pansibiko ang pagbubuluntaryo sa mga iba't ibang samahang pansibiko na naglalayon ng pagbabago sa ating lipunan. Ang pagbubuluntaryo ng mga mamamayan na sumali sa mga gawaing pansibiko ay nangangahulugan ng pagkilos kung saan ay nakatutulong sila nang malaki sa mga namamahala ng bansa upang malunasan ang ilang mga suliranin na kinakaharap ng bawat komunidad. Samakatuwid, ang aktibong pagkilos ng bawat mamamayan ay napakahalaga para mapanatili ang organisadong anyo ng pagkilos para sa kapakapan ng nakararami na isinusulong ng mga namumuno sa ating bansa. Kaya kadalasan ang pakikilahok na pansibiko ay lalong nagiging epektibo kung ito'y naisasagawa ng mga mamamayan na may pakikiisa sa mga sektor ng lipunan.

Mga Katangian na Dapat Taglayin ng Isang Aktibong Mamamayang Nakilalahok sa Gawaing Pansibiko

Ang pagsulong at pag-unlad ng ating bansa ay nakasalalay sa ating mga mamamayan. Gampanin ng bawat isa sa atin na makibahagi sa mga gawaing pansibiko upang makaagapay tayo sa pangangailangan ng ating komunidad at sa ating bansa. Sa pamamagitan ng pagkukusa na makipagtulungan at pakikiisa sa paggawa ng mga gawaing pansibiko, gaano man kadali o kahirap ito ay may

malaking tulong upang mabigyang kalutasan ang mga suliranin na kinakaharap ng ating pamayanan.

Para tayo ay lubos na makalahok sa mga gawaing pansibiko, dapat nating taglayin ang mga katangian ng isang aktibong mamamayan. Narito ang mga katangian na dapat taglayin ng isang aktibong mamamayang nakilalahok sa mga gawaing pansibiko:

1. MAKABANSA

Isa sa mga katangian na dapat taglayin ng isang aktibong mamamayan ang pagiging makabansa. Tungkulin ng bawat isa sa atin na sikaping isulong ang pagtutulungan, pagbubuklod-buklod, at pagkakaisa. Sa paniniwalang matatamo ang kaunlaran ng bawat isa at ng ating bayan kung may pagtutulungan, sinisikap natin sa abot ng ating makakaya na makibahagi at dumamay sa ating pamayanan lalo na sa panahon ng pangangailangan tulad ng pagsalanta ng kalamidad.

Nagbuwis ng buhay ang ating mga bayani dahil sa pag-ibig sa bayan sa hangarin na makamit ang kalayaan mula sa kamay ng mga mananakop. Masusuklian natin ang sakripisyo na ginawa ng ating mga bayani para sa atin kung tumutulong tayong mapanatili ang katahimikan at kaayusan sa ating pamayanan at isulong ang pag-unlad ng bansa.

Sa kasalukuyan, may mga itinuturing na makabagong bayani na nagpapakita ng kanilang pagmamahal sa ating bansa. Sila ang mga OFW (*Overseas Filipino Worker*). Ang kanilang pagsasakripisyo na mangibang bansa upang makapaghanapbuhay at kumita ng salapi para sa kanilang pamilya ay may malaking tulong upang lumago ang ating ekonomiya. Gayundin ang mga *frontliner* sa panahon ng pandemiya na dulot ng COVID-19 ay walang takot na ibuwis ang kanilang buhay para lamang magampanan ang kanilang tungkulin na higit na kailangan ng ating bansa ngayong panahon ng krisis na pangkalusugan.

Ang isang mamamayang makabayan ay:

a. Tapat sa Bansa

Nangangahulugan ito na handa tayong magmalasakit at maglingkod para sa bansa sa anumang oras kung may magnanais na pabagsakin ito. Kaakibat ng tiwala at pananalig sa republika ay ang paggalang sa ating pambansang sagisag tulad ng ating watawat. Ang simpleng pagtayo nang matuwid, paglalagay ng kanang kamay sa dibdib, at pag-awit nang may kasiglahan sa pambansang awit ay palatandaan ng pagkilala, pagtiwala, at pagmamahal sa republika.

Ito ang itinatakda ng Konstitusyon partikular na sa **Artikulo XVI, Seksyon 1**: “Ang bandila ng Pilipinas ay dapat na pula, at bughaw, na may isang araw at tatlong bituin, na dinadakila at iginagalang ng sambayanan at kinikilala ng batas.”

Ang pagpapahalaga at pangangalaga natin sa ating mga makasaysayang pook, at bagay na sumisimbolo sa pagiging malayang bansa ay isa ring palatandaan ng pagiging tapat sa bansa. Tulad ng ginawa ng labindalawang taong gulang na

batang si Janela Lelis na iniligtas ang ating watawat sa kasagsagan ng bagyo at mataas na pagbaha.

(Katangian ng Aktibong Mamamayang Nakikilahok sa Gawaing Pansibiko, Antonio, Eleanor D. et al, Kayamanan: Kontemporaryong Isyu. Rex Bookstore. Nicanor Reyes Sr, St., Sampaloc Manila, pp. 310 – 311)

Ang buong katapangang pagbuhat sa watawat at hindi pag-alintana ang panganib na dulot nito mailigtas lang ang bandila ay patunay na likas sa ating mga Pilipino ang pagiging tapat sa bayan. Umani ng paghanga at pagkilala sa buong bansa dahil sa murang edad niya ay nakagawa siya ng kabayanihan.

b. Handang Ipagtanggol ang Estado

Ang kahandaang ipagtanggol ang estado tulad ng ginawa ng ating mga bayani ay pagpapakita rin ng pagiging makabayan. Sa lahat ng pagkakataon, bilang isang mapanagutang mamamayan, tayo ay dapat na handang magtanggol sa ating bansa.

Itinatakda ng **Artikulo II, Seksyon 4** ng ating Konstitusyon:

Ang pangunahing tungkulin ng pamahalaan ay paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan. Maaaring tawagan ng pamahalaan ang sambayanan upang ipagtanggol ang estado, at sa ikatutupad niyon, ang lahat ng mamamayan ay maaaring atasang maghandog ng personal na serbisyo militar o sibil, sa ilalim ng kondisyong itinatakda ng batas.

(Antonio, Eleanor D. et al, Kayamanan: Kontemporaryong Isyu. Rex Bookstore. Manila,

c. Sinusunod ang Saligang Batas at iba pang mga batas ng Pilipinas

Nararapat na sundin ng bawat mamamayan ang Saligang Batas at ang iba pang batas ng bansa. Ang hindi paggalang sa batas ay nagdudulot ng kaguluhan sa lipunan. Inaalís nito ang katahimikan, kaayusan, at seguridad ng bawat isa at hinahadlangan nito ang pag-unlad. Kung ang lahat ng mamamayan ay sumusunod sa batas, tayong lahat ay mamumuhay nang mapayapa, masagana, at tahimik sa isang pamayanan. Halimbawa na lamang ang hindi pagtawid sa tamang tawiran. Kung minsan kahit nakikita na natin na may karatula na bawal tumawid ay hindi pa rin natin ito sinusunod. Ito ay simpleng bagay lamang sa karamihan pero kailangan natin itong sundin dahil sa ito ang nararapat at makabubuti hindi lamang sa atin kundi sa mas nakararaming mamamayan. Simple man o mabigat ang naipatutupad na batas at patakaran ay kailangan itong sundin upang mas maging maayos ang takbo ng lipunang ating ginagalawan.

d. Nakikipagtulungan sa Gobyerno

Ang bawat mamamayan ay kailangang makipagtulungan sa may kapangyarihan upang mapanatili ang kaayusan at mapangalagaan ang katarungan ng ating lipunan. Mahalaga ang partisipasyon at magandang koneksiyon ng pinuno sa mga mamamayan at ang partisipasyon ng mga tao upang mapabilang sila sa

paggawa ng desisyon, matukoy ang mga suliranin sa lipunan at mabigyan ito ng angkop na solusyon.

(Katangian ng Aktibong Mamamayang Nakikilahok sa Gawaing Pansibiko, Antonio, Eleanor D. et al, Kayamanan: Kontemporaryong Isyu. Rex Bookstore. Manila, pp.312)

e. Pagtangkilik sa Sariling Produkto

Kung ang bawat Pilipino ay prayoridad na bilhin ang produktong gawa ng mga Pilipino, makakatulong ito sa paglago ng ekonomiya ng ating bansa. Ang pagtaas ng demand ng produktong gawa ng Pilipino ay nangangahulugang tataas din ang kita ng mga prodyuser at tataas ang babayarang buwis na siyang ginagamit ng pamahalaan para pondohan ang mga programa at proyektong panlipunan.

Ang pagtangkilik sa sariling produkto ay magbubukas ng oportunidad sa mga mamamayan sapagkat mangangailangan ang mga kompanyang pagmamay-ari ng Pilipino ng karagdagang manggagawa. Alalahanin natin na sa bawat produktong gawa ng mga Pilipino na binibili natin ay nakatutulong para umangat ang ating ekonomiya.

f. Pagbabayanihan sa Panahon ng Kalamidad at mga Suliranin na ating Kinakaharap

Ang ating bansa ay madalas na tamaan ng bagyo dahil sa ang lokasyon nito ay matatagpuan sa tinatawag na *typhoon belt*. Kaya naman taon-taon ay hindi tayo nakaiwas sa pinsalang dulot ng kalamidad na ito sa ating bansa. Sa panahon ng ganitong sakuna, namamayani sa puso at diwa ng mga Pilipino ang espiritu ng bayanihan kung saan maraming mamamayan ay nagbibigay ng ambag sa simpleng paraan para maiparating sa mga nasalangtang kababayan ang kanilang munting tulong.

Katulad na lamang noong sinalanta ng bagyong Yolanda ang Tacloban, maraming mga pansibikong organisasyon at mga pribadong mamamayan ang gumawa ng pagkilos upang makiagapay sa gobyerno na lumikom ng pondo at mga mahahalagang pangangailangan na kanilang ipinamigay sa mga naapektuhang kababayan. Ang bagyong Yolanda ang nagdulot ng pinakamalaking pinsala sa buhay at ari-arian ng mga Pilipino sa kasaysayan subalit ito rin ay naging pagkakataon upang maipakita ng mga mamamayan ang pagmamalasakit at pagmamahal sa kanilang kapwa na nagpatunay na ang mga Pilipino ay bumabangon at lumalaban kahit anong hirap ang nararanasan. Sa mga simpleng pakikibahagi ng bawat mamamayan sa mga gawain o programa para makatulong sa kapwa at sa pamahalaan ay pagapapakita ng pakikipagbayanihan para sa kapakanang panlahat.

2. MAKATAO

Bawat tao ay may karapatan na dapat igalang at protektahan. Bilang mamamayan, may kalayaan tayong gamitin ang bawat karapatan ngunit dapat nating tandaan na ang bawat karapatan ay may kalakip na pananagutan at tungkulin na igalang din ang mga karapatan ng iba. Kaya nararapat lamang na tiyakin natin na hindi tayo nakasasakit o nakapipinsala sa ibang tao habang

tinatamasa natin ang mga karapatang ito.

3. PRODUKTIBO

Ang aktibong mamamayan ay nagtatrabaho o gumagawa sa malinis na paraan. Ginagampanan nito ang kanyang tungkulin nang mahusay, may buong katapatan, at pagkukusa. Ang pagiging matiyaga at masipag sa paggawa ay ugali na nating mga Pilipino noon pa man. Ito ay ipinakita sa atin ng ating mga ninuno na Ifugaoeño sa pagkakagawa ng *Banaue Rice Terraces*. Dahil sa tiyaga at sipag ng mga ninunong Ifugaoeño, nagawa nilang makabuo ng isang tanawin na ngayon ay hinahangaan hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Kailangan nating maging produktibo upang makatulong sa pagsulong at pag-unlad ng ating bansa. Ang Pilipinas ay may mataas na bilang ng batang populasyon na maaari nitong sanayin, linangin, at paghusayin upang maging produktibo at makatulong sa pagpapaangat sa ating pamumuhay at ekonomiya sa hinaharap.

4. MAY LAKAS NG LOOB AT TIWALA SA SARILI

Ang katangian na pagiging matatag, at may tibay ng loob ay ipinamalas ng ating mga bayani sa paglaban sa mga mananakop na Kastila, Amerikano, at Hapones upang lumaya ang bansa mula sa kamay ng mga mapanlupig na dayuhan. Katatagan din ng loob ang ipinamamalas ng mga manggagawang Pilipino na nangingibang bansa upang doon maghanapbuhay. Hindi matatawaran ang sakripisyo at tatag ng kalooban nila na iwanan ang kanilang pamilya at lisanin ang bansa sa pagnanais na mapabuti ang estado ng kanilang pamumuhay. Kaya naman nararapat lamang na sila ay itinuturing na mga makabagong bayani.

Sa iba't ibang larangan naipapamalas nating mga Pilipino ang ating galing dahil sa tatag ng loob, kumpiyansa, at tiwala sa sarili na ating angkin, kaya unti-unti ay nakikilala tayong mga Pilipino sa buong mundo.

5. MAKATUWIRAN

Isinasaalang-alang ang kapakanan ng nakararami kaysa sa pansariling interes. Ang makabayan mamamayan ay kumikilos nang naaayon sa isinasaad ng batas at pinahahalagahan kung ano ang tama.

6. MATULUNGIN SA KAPWA


Likas na sa mga Pilipino ang pagtulong sa kapwa. Tayo ay likas na mapagkawang-gawa lalong lalo na sa mga kapus-palad at dumaranas ng hirap sa buhay. Madalas na nakikita rin ang pagiging matulungin nating mga Pilipino sa panahon ng mga kalamidad, sakuna, aksidente, at pagdadalamhati. Palaging namamayani sa ating puso at isipan sa mga panahon na ito ang pagtutulungan at bayanihan. Ang pagtulong na walang hinihintay na kapalit ay palatandaan ng pagmamahal sa kapwa.

7. MAKASANDAIGDIGAN

Ang makasandaigdigang mamamayan ay mamamayan ng kanyang bayan at gayundin sa buong mundo. Palagi nitong isinasaalang - alang ang kapakanan ng kanyang bansa at ng mundo sa pangkalahatan.

Ang nabanggit na mga katangian ay nararapat maisabuhay ng isang mamamayan habang siya'y aktibong nakikibahagi maging ito ma'y tuwiran o di-tuwiran sa mga gawaing pansibiko at nakilalahok sa mga usaping pampolitika nang sa ganun ay magampanan niya nang maayos ang kaniyang mahalagang papel tungo sa kaunlaran ng bansa at pagbabagong panlipunan.

(Katangian ng Aktibong Mamamayang Nakikilahok sa Gawaing Pansibiko, Antonio, Eleanor D. et al, Kayamanan: Kontemporaryong Isyu. Rex Bookstore. Nicanor Reyes Sr, St., Sampaloc Manila, pp. 314)



Pagyamanin

GAWAIN 1: PILIPINO O HINDI PILIPINO

Panuto: Isulat ang salitang **PILIPINO** sa patlang bago ang bilang kung ang tao na nabanggit sa pahayag ay isang mamamayang Pilipino, **HINDI PILIPINO** kung ito'y hindi mamamayang Pilipino. Gumamit ng sagutang papel.


- ___ 1. Si Aiman ay anak ng mag-asawang Pilipino at sila ay kasalukuyang nakatira sa Ilocos.
- ___ 2. Nagbabakasyon sa Pilipinas tuwing Pasko si Jude na isang Australyano.
- ___ 3. Si Amber ay ipinanganak sa Canada. Ang kanyang ina ay isang Pilipino mula sa Bikol at ang kanyang ama ay isang Amerikano.
- ___ 4. Si Thomas ay isang sundalo. Sa takot na madamay ang kanyang mga magulang sa digmaan, tinakasan niya ang kanyang tungkulin sa kasagsagan ng labanan.
- ___ 5. Nakapanirahan na ng limang taon sa Pilipinas si George na isang British. Nakapagpatayo na rin siya ng mga negosyo sa bansa.

GAWAIN 2: TUKUYIN MO

Panuto: Basahin ang sumusunod na pahayag at isulat sa patlang ang hinihinging sagot. Gumamit ng sagutang papel.

- ___ 1. Ang prinsipyo ng pagkamamamayan na nakabatay sa lugar ng kapanganakan.
- ___ 2. Legal na paraan kung saan ang isang dayuhan na nagnanais na maging mamamayan ng isang bansa ay sumasailalim ng isang proseso sa korte.

- ___3. Ang kalagayan o katayuan ng isang tao bilang miyembro ng isang pamayanan o estado.
- ___4. Legal na basehan ng pagkamamamayan ng isang indibidwal.
- ___5. Ito ang tawag sa kusang loob na pagbabalik sa bansang pinagmulan.
- ___6. Ang mamamayan na katutubong inaanak ng Pilipinas.
- ___7. Artikulo ng Saligang Batas na nagsasaad sa mga batayan ng pagkamamamayan sa Pilipinas.
- ___8. Ang prinsipyo ng pagkamamamayan na nakabatay sa dugong nananalaytay sa mga magulang.
- ___9. Ang tawag sa mamamayang sumailalim sa isang proseso sa korte para maging mamamayan ng isang bansa.
- ___10. Ang tawag sa kusang pagtalikod sa pagkamamamayan ng isang indibiduwal.




Isaisip

Panuto: Ibuod ang natutuhan sa pamamagitan ng pagkompleto sa sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa sariling sagutang papel.

1. Ang pagkamamamayan ay tumutukoy sa pagiging kasapi ng isang indibidwal sa estado, maaari itong _____.
2. Dalawa ang prinsipyo ng pagkamamamayan, ang _____ na nakabatay sa lugar ng kapanganakan at *jus sanguinis* na nakabatay sa _____.
3. Ang pagkamamamayan ay isang _____ na iginagawad sa isang dayuhan kaya masusi itong pinag-aaralan sa korte bago ito tuluyang ipagkaloob sa naghahangad nito.
4. Ang isang mamamayang aktibong nakilalahok sa gawaing pansibiko ay nagtataglay ng mga katangian gaya ng _____, _____, _____ at _____.
5. Ang aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa mga gawaing pansibiko at usaping politikal ay nakatutulong nang malaki upang matamo ang hinahangad na pagbabago at pag-unlad sa bansa dahil

 _____.

6. Sa aking palagay, ang mahusay na pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa _____ pamahalaan _____ ay _____ mahalaga _____ sapagkat _____.



Isagawa

A. Panuto: Tukuyin kung anong katangian ng isang aktibong mamamayan ang inilalarawan ng sumusunod na pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa patlang. Gumamit ng sagutang papel.

| | | |
|----------------------|---------------------|------------|
| Makabansa | Matulungin sa kapwa | Makatao |
| Makasandaigdigan | Makakalikasan | Produktibo |
| May tiwala sa sarili | Malakas ang loob | |


- ___ 1. Madamdaming umaawit ang mga mag-aaral ng Pambansang Awit ng Pilipinas tuwing itinataas ang bandila sa paaralan.
- ___ 2. Kahit walang sasakyang kasabay na bumabiyahe si Carlos, sinusunod pa rin nito ang batas trapiko.
- ___ 3. Kilala si Mang Andres sa kanilang bayan dahil sa palagi itong nakikibahagi sa mga gawaing nagsusulong sa kapakanan ng mga kabataan at kapus-palad.
- ___ 4. Likas kay Nora ang maaruga sa mga halaman kaya sumali siya sa organisasyon na nagsusulong sa pangangalaga ng kalikasan.
- ___ 5. Nakita ni Joebert ang naganap na krimen sa kanilang lugar kaya hindi siya nag-atubili na ipaalam ito sa mga awtoridad.
- ___ 6. Walang inaaksayang oras si Amber kaya sa tuwing walang pasok ay masipag siyang tumutulong sa gawain ng kanyang magulang sa kanilang karinderia.
- ___ 7. Kahit alam ni Tess na mahirap ang malayo sa pamilya, ginusto pa rin nito ang madestino sa ibang bansa dahil iyon ang hinihingi ng kanyang tungkulin bilang manggagamot.
- ___ 8. Si Jessa ay aktibong nakikibahagi sa mga isinasagawang *international coastal cleanup drive* ng Rotary Club.
- ___ 9. Malakas ang kumpiyansa ni Manny Pacquiao na maipagtatanggol niya ang kanyang titulo laban sa kanyang katunggali sa susunod nitong laban.
- ___ 10. “Handa kaming magtanggol sa estado” ito ang sabi ng mga sundalong nakadestino sa Marawi noong panahon ng bakbakan.

B. PANGATWIRANAN MO!

Panuto: Sagutin ang tanong nang buong linaw. Gumamit ng hiwalay na papel.

1. Si Chelsea Angel Rapisura ay isang mag-aaral na Grade 7 ng Ilocos Sur National High School na naging *viral* dahil sa pananatili nitong nakatayo sa gitna ng *open field* ng paaralan habang inaawit ang pambansang awit na umuulan. Sa kabila ng pagtawag sa kanya ng Assistant Principal para sumilong, nanatili siya sa kanyang kinatatayuan hanggang sa natapos ang pag-awit sa Lupang Hinirang. Ipagpalagay na ikaw ang nasa katayuan ni Chelsea Angel sa oras na iyon, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Oo o hindi? Bakit?

Binabati kita dahil natapos mo na ang modyul na ito. Ngayon upang malaman na natin ang iyong mga natutuhan, sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Ito ang magsisilbing batayan ng iyong pagkatuto sa aralin ng modyul na ito.



Tayahin

A. Panuto: Gamit ang sariling sagutang papel, isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pahayag ay makatotohanan at **MALI** kung ito ay hindi makatotohanan.

- ___ 1. Hindi na maibabalik pa ang natanggal na pagkamamamayan ng isang sundalong Pilipino na nagtaksil sa bayan.
- ___ 2. Dapat masunod ng isang dayuhang nagnanais maging Pilipino ang mga kwalipikasyong itinatakda ng batas bago maigawad sa kanya ang pagkamamamayang Pilipino.
- ___ 3. Ang pagkamamamayan ayon sa Artikulo IV, Seksyon 3 ng Saligang Batas ay maaaring mawala ngunit maaari ring maibalik.
- ___ 4. Sumasailalim sa proseso ng naturalisasyon ang sinumang dayuhang nagnanais makamit ang pagkamamamayang Pilipino.
- ___ 5. Ang pinakamataas na lebel ng pakikipagkapwa-tao ay naipakikita sa pagsali sa mga gawaing pansibiko.
- ___ 6. Sa prinsipyong *jus sanguinis*, ang pagkamamamayan ay nababatay sa lugar ng kapanganakan ng isang indibwal.

- ___7. Isang paraan upang magampanan nang mahusay ang iyong mga tungkulin bilang mamayang Pilipino ay ang pagiging aktibo sa mga gawaing pansibiko.
- ___8. Isang palatandaan ng isang mabuting mamamayan ang pagsunod sa mga ipinatutupad na batas.
- ___9. Ang mamamayan ay isa lamang tagamasid sa mga pagbabagong nagaganap sa kanyang lipunan, ito ay alinsunod sa lumawak na pananaw ng pagkamamamayan.
- ___10. Ang pagtugon sa kanyang mga tungkulin at ang paggamit sa kanyang mga karapatan para sa kagalingang panlahat nakabatay ang pagkamamamayan ng isang indibidwal.

B. DESISYUNAN MO!

Panuto: Suriing mabuti ang mga pahayag sa kolum A. Hanapin sa kolum B ang nararapat gawin upang malutas o mabigyan ng solusyon ang nasa kolum A. Isulat ang **titik** ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Kolum A | Kolum B |
|---|---|
| ___1. Ipinag-utos ng mayor na i <i>demolish</i> ang bahay ninyo na walang abiso dahil sa masasagasaan ng <i>road widening</i> . | A. Kumuha ng matibay na ebidensya at i-ulat ang nagaganap na <i>vote buying</i> para matigil ang ito. |
| ___2. Ikaw ay isang mayor at nakikita mong ayaw na sa iyo ng mga tao dahil hindi mo nagagampanan nang maayos ang iyong tungkulin. | B. Makibahagi sa gaganaping <i>tree planting activity</i> sa kabila ng hindi pagiging magkapanalig ang magulang at kapitan ninyo. |
| ___3. Malawakan na ang illegal na pagmimina malapit sa tahanan ninyo pero walang kibo ang inyong punong barangay. | C. Huwag sumama sa balak na marahas na welga dahil ang lumalabag ito sa kaayusan ng lipunan. |
| ___4. Pinagbabantaan ka ng mga pulis at pinipilit paaminin sa kasalanang inaakusa sa iyo na hindi mo naman ginawa. | D. Gamitin ang kapangyarihang bomoto para putulin ang umiiral na dinastiya sa inyong lalawigan upang may <i>check and balance</i> . |
| ___5. Inaaya ka ng kapitan ng barangay na sumali sa <i>tree planting project</i> ng barangay pero hindi siya kapanalig ng tatay mo. | E. I-report sa <i>adviser</i> ang pandarayang nagaganap tuwing <i>exam</i> upang maiwasto at matigil ito. |
| ___6. Tuwing <i>exam</i> lagi mong nakikita ang kaklase mong nangunguna sa klase na may kodigo kahit ilang beses mo na siyang | F. Kausapin at hikayatin ang mga kapwa mag-aaral na panatilihin ang kalinisan sa |

| | |
|--|---|
| kinausap nang maayos. | paaralan. |
| ___7. Iisang angkan ang namumuno sa inyong probinsya mula sa pinakamababang posisyon hanggang sa pinakamataas. | G. Dumulog o iulat sa tamang ahensiya para sila ang gumawa ng hakbang para matigil ang illegal na pagmimina. |
| ___8. Niyayaya ka ng iyong kaklase n sumama sa isasagawang marahas na welga laban sa gobyerno. | H. Huwag matakot at huwag aamin sa kasalanang hindi ikaw ang gumawa dahil sa bandang huli mananaig ang katotohanan. |
| ___9. Malapit na ang eleksiyon at laganap ang <i>vote-buying</i> sa inyong barangay. | I. Kusa kang bababa sa pwesto at huwag nang hintayin na bawiin ng taumbayan ang ipinagkaloob na kapangyarihan. |
| ___10. Ikaw ang <i>student leader</i> at nakita mong nagkakatat ng basura ang mga mag-aaral. | J. Makiusap nang maayos sa tamang kinauukulan upang maiwasan ang kaguluhan sa panahon ng demolisyon. |

C. TUKUYIN MO: Piliin sa kahon kung anong gawain ang isinasaad ng bawat pangungusap. Gamit ang sariling sagutang papel, isulat ang titik ng tamang sagot.

| | |
|-------------------------------|--|
| a. aktibong pakikilahok | d. suporta sa pamahalaan |
| b. mataas na antas ng interes | e. pagpaparaya sa pananaw, opinyon, at paniniwala ng iba |
| c. malayang impormasyon | f. pagsunod sa batas |

- ___1. Pinapalawak ni Cindy ang kanyang kaalaman tungkol sa mga isyung panlipunan sa tulong ng mga binabasang pahayagan.
- ___2. Ang pagbabayad ng tamang buwis ay nakatutulong nang malaki sa pamahalaan upang maipagkaloob nito ang mga serbisyong kailangan ng mga tao.
- ___3. Nagpalista si Chelzhea at Amber bilang *volunteers* sa isasagawang *relief operation* sa lugar na sinalanta ng bagyo.
- ___4. Makikita sa *website* ng lungsod ng Vigan ang lahat ng gastusin at badyet nito.
- ___5. Palaging umuuwi nang maaga si Rema sa bahay dahil sa alam niyang may naipatatupad na curfew ngayong mayroong pandemya.

- ___6. Maraming Pilipino ang tumatangkilik sa programang pangkabuhayan na inilunsad ng pamahalaan sa tulong ng TESDA.
- ___7. Masugid na sinusubaybayan ni Mabel ang mga balita upang makakalap siya ng tama at balanseng impormasyon.
- ___8. Pinakikinggan at nirerespeto ni Jane ang mga opinyon at paniniwala ng kanyang mga kaibigan kahit taliwas ito sa kanyang mga opinyon at paniniwala.
- ___9. Palaging sinusunod ni Arnold ang mga ipinatutupad na batas katulad ng batas trapiko.
- ___10. Madalas na nakikibahagi at sumusuporta si Mang Juan sa mga proyektong inilulunsad sa kanilang barangay kaya siya’y kilala sa pagiging aktibo at matulungin.




Karagdagang Gawain

GAWAIN: “PAGKAMAMAMAYAN KO PARA SA BAYAN KO”

Panuto: Bilang isang mapanagutang mamamayan, ilahad sa ibaba ang mga hakbang na iyong gagawin para makatulong sa mga namamahala sa paglutas ng suliraning kinakaharap ng inyong pamayanan o para makatulong sa pambansang pag-unlad. Maaari mo rin isa-isahin ang mga “agenda” o proyekto na iyong ipapatupad sakaling mabigyan ng pagkakataong maging isang lider ng mga kabataan. Gawin ito sa hiwalay na papel.

| |
|---|
| “PAGKAMAMAMAYAN KO PARA SA BAYAN KO” |
| |
| |
| |
| |
| |



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

A.

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Mali
10. Tama

B.

1. J
2. I
3. G
4. H
5. E
6. E
7. D
8. C
9. A
10. F

C.

1. Mataas na interes
2. Suporta sa pamahalaan
3. Aktibong pakikilahok
4. Malayang impormasyon
5. Pagsunod sa batas
6. Suporta sa pamahalaan
7. Mataas na interes
8. Pagpaparaya sa pananamaw, opinion ng iba
9. Pagsunod sa batas
10. Aktibong pakikilahok

Karagdagang Gawain

Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral, bahala ang guro na magbigay ng puntos sa mag-aaral

Pagyaamanin

"PAGKAMAMAYAN KO, PARA SA BAYAN KO"

A.

1. Pilipino
2. Hindi Pilipino
3. Hindi Pilipino
4. Hindi Pilipino

B.

1. Jus Soli
2. Naturalisasyon
3. Citizenship
4. Saligang Batas
5. Repatriation
6. Natural born
7. Jus Sanguinis
8. Artikulo IV
9. Naturalisado
10. Expatriation

Tuklasin

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Mali

Isagawa

1. Makabansa
2. Makabansa
3. Makatao
4. Makakalikasan
5. Makabansa
6. Produktibo
7. Makabansa
8. Makakalikasan
9. Matatag
10. Makabansa

Subukin

(Maaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral, bahala ang guro na magbigay ng puntos.)

B.1. Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa kanilang saloobin sa tanong.

Sanggunian

Department of Education. 2017. *Kontemporaryong Isyu, Modyul ng mga Mag-aaral*. pahina 357 -358

Busto, Arellano V. 2019. *Constitution of the Philippines*. Sampaloc Manila

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph